Biblia Para sa mga Bata

Ihinahalad

Si Noe At Ang Dakilang Baha

Sinulat ni: Edward Hughes

Ilinarawan ni: Byron Unger at Lazarus

Ibinagay ni: M. Maillot at Tammy S.

Isinalin ni: Dulia Penalber

Yinari ni: Bible for Children
www.M1914.org

©2007 Bible for Children, Inc.
Lisensia: May karapatan kayo magkopia o imprenta ng kuento,
kung hindi ninyo ipagbibili.

Si Noe ay isang lalaking sumasamba sa Diyos. Ang bawa't isa ay galit at suwail sa Diyos. Isang araw, nagsabi ang Diyos ng isang bagay na katakuttakut.



"Sisirain ko ang mga masasama sa mundo," Sinabi Niya ito kay Noe. "Ang iyong sambahayan at ikaw lamang ang maliligtas."



Pinagsabihan ng Panginoon si Noah na magkaroon ng malaking baha ng tubig sa ibabaw ng mundo. "Gagawa ka ng daong na kahoy, malaking sasakyan para sa iyong sambahayan at maraming mga hayopan," Minandoan si Noe. Binigyan si Noe ng tumpak na mga utos. Si Noe ay kumilos kaagad!

Marahil kinutya si Noe
ng mga tao habang
siya ay nagpaliwanag
kung bakit
gumagawa
ng daong
o arka.
Sinabi niya sa
mga tao ang
tungkol sa
Diyos. Walang
nakinig sa
kanya.

Malaki ang tiwala ni Noe sa Diyos. Naniwala siya sa Diyos kahit na hindi pa naulan ng kahit kailan. Nang natapos na ang daong, handa nang lagyan ng mga pangkailangan.

Ngayon dumating na mga hayopan. Dinala ng Diyos ang pitong (7) uri, at ang iba dalawa. Mga ibon na malalaki at maliliit, mga hayop na maliliit at mata-tangkad ay pumasok sa arka.

Marahil pinaglait si Noe ng mga tao habang pinapasok niya ang mga hayopan sa daong. Hindi sila huminto ng kanilang masasamang gawain. Hindi sila nag tanong kung maari kayang makapasok sa daong.

Ngayon, lahat ng mga hayop at mga ibon ay
nasa daong na. "Pumasok na kayo sa Daong," Inanyayahan ng Diyos si Noe. "Kayo at ang iyong sambahayan." Si Noe, kanyang asawa, ang tatlong anak na lalaki at ang kanilang mga asawa ay nag si-pasok na sa daong. Sinara ng Diyos ang pintuan!


Ngayon dumating ang ulan.
Malakas na malakas ang ulan na
bumaha ng malaking baha sa ibabaw
ng lupa ng apat na pong araw at gabi.


Bumaha sa lahat ng mga lungsod at mga nayon. Noon huminto ang ulan, ang mga kabundukan ay inapawan ng bahang tubig. Ang lahat na humihinga ay namatay.


Habang palalim ang bahang tubig, lumutang ang daong sa ibabaw. Marahil madilim sa loob ng daong, at maalon, at nakakatakot. Ngunit ang daong ay naka ligtas kay Noe at kanyang sambahayan sa malaking baha.

Nang tapos ang limang buwang baha, nagpadala ang Diyos ng pangtuyong hangin. Dadahan, ang daong ay huminto sa ibabaw ng Bundok ng Ararat. Si Noe ay natili sa loob ng daong ng tagal apat na araw habang ang baha ay unti unting humulaw.

Pinalabas ni Noe ang isang uwak at isang kalapati sa bukas na bintana ng daong. Hindi nakakita ng tuyong lupa, ang kalapati ay bumalik sa dalong.




Nang dumaan ang isang linggo, pinalabas muli ni Noe ang kalapati. Bumalik ang kalapati na may dalang dahon ng olibo sa kanyang tuka. Sa sunod na linggo, alam na ni Noe na ang lupa ay tuyo na sapagkat umalis ang kalapati at hindi na bumalik.

Sinabi ng Diyos na oras na ang lahat ay umalis na sa daong. Lahat, si Noe at ang kanyang sambahayan, at ang mga hayopan ay umalis na sa daong.


Malaki ang pagpasalamat ni Noe at marahil natutuwa! Gumawa siya ng altar o handugan at nagsamba sa Diyos na nagligtas sa kanya at kanyang sambahayan sa malaking baha ng tubig.

Binigyan si Noe ng simbulo ng kataka-takang pangako. Hindi na muling mag baha sa mundo upang parusahan ang makasalanan.


Si Noe at kayang pamilya ay nakahanap muli ng bagong pamumuhay pagkatapos ng dakilang baha. Sa takdang panahon, ang mga anak ni Noe at kanyang mga apo ay dumami at maraming tao muli sa mundo.
Ang lahat ng nasyon sa mundo ay galing kay Noe at kanyang mga anak.

Si Noe At Ang Dakilang Baha

isang kuentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Biblia,

makikita sa

Genesis 6-10

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Ang kuentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkul sa kahanga-hangang Diyos na naglikha sa atin at ibig niya na a-alamin natin Siya.

Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo niya na ipinadala niya ang kanyang Anak na si Hesus upang maipaku at mamatay sa Krus bilang parusa ng ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kungkayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran ng iyong mga kasalanan, gagawin niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon at kayo ay maninirahan na kasama niya sa kanyang tahanan na walang hanggang.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako'y naniniwala na si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli Maaari po bang pumasok kayo sa aking buhay at patawarin po ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon at sa sarating na araw ako ay kasama mo sa iyong piling na walang katapusan. Tulongan po ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang iyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16